# Pagaayuno Yugto 13

"1Nang unang taon ni Dario na anak ni Assuero, sa lahi ng mga taga Media, na ginawang hari sa kaharian ng mga taga Caldea; 2Nang unang taon ng kaniyang paghahari akong si Daniel ay nakaunawa sa pamamagitan ng mga aklat, ng bilang ng mga taon, na sinalita ng Panginoon kay Jeremias na propeta, dahil sa pagkaganap ng pagkasira ng Jerusalem, pitong pung taon. 3At aking itiningin ang aking mukha sa Panginoong Dios upang humanap sa pamamagitan ng panalangin at ng mga samo, ng pagaayuno, at pananamit ng magaspang, at ng mga abo. 4At ako'y nanalangin sa Panginoon kong Dios, at ako'y nagpahayag ng kasalanan, at nagsabi, Oh Panginoon, Dios na dakila at kakilakilabot, na nagiingat ng tipan at kaawaan sa nagsisiibig sa iyo at nangagiingat ng iyong mga utos, 5Kami ay nangagkasala, at nangagasal ng kasuwalian, at nagsigawang may kasamaan, at nanganghimagsik, sa makatuwid baga'y nagsitalikod sa iyong mga utos at sa iyong mga kahatulan; 6Na hindi man kami nangakinig sa iyong mga lingkod na mga propeta, na nangagsalita sa iyong pangalan sa aming mga hari, sa aming mga prinsipe, at sa aming mga magulang, at sa buong bayan ng lupain.7Oh Panginoon, katuwira'y ukol sa iyo, nguni't sa amin ay pagkagulo ng mukha gaya sa araw na ito; sa mga tao ng Juda, at sa mga nananahan sa Jerusalem, at sa buong Israel, na malapit, at malayo, sa lahat na lupain na iyong pinagtabuyan dahil sa kanilang pagsalangsang na kanilang isinalangsang laban sa iyo. 8Oh Panginoon, sa amin nauukol ang pagkagulo ng mukha, sa aming mga hari, sa aming mga prinsipe, at sa aming mga magulang, sapagka't kami ay nangagkasala laban sa iyo. 9Sa Panginoon naming Dios ukol ang kaawaan at kapatawaran; sapagka't kami ay nanganghimagsik laban sa kaniya; 10Ni hindi man namin tinalima ang tinig ng Panginoon naming Dios, upang lumakad ng ayon sa kaniyang mga kautusan, na kaniyang inilagay sa harap namin sa pamamagitan ng kaniyang mga lingkod na propeta. 11Oo, buong Israel ay sumalangsang ng iyong kautusan, sa pagtalikod, upang huwag nilang talimahin ang iyong tinig: kaya't ang sumpa ay nabuhos sa amin, at ang sumpa na nakasulat sa kautusan ni Moises na lingkod ng Dios; sapagka't kami ay nangagkasala laban sa kaniya. 12At kaniyang pinagtibay ang kaniyang mga salita, na kaniyang sinalita laban sa amin, at laban sa aming mga hukom na nagsihatol sa amin, sa pagbabagsak sa amin ng malaking kasamaan; sapagka't sa silong ng buong langit ay hindi ginawa ang gaya ng ginawa sa Jerusalem. 13Kung ano ang nasusulat sa kautusan ni Moises, lahat ng kasamaang ito'y nagsidating sa amin: gayon ma'y hindi namin idinalangin ang biyaya ng Panginoon naming Dios, upang aming talikuran ang aming mga kasamaan, at gunitain ang iyong katotohanan. 14Kaya't iniingatan ng Panginoon ang kasamaan, at ibinagsak sa amin; sapagka't ang Panginoon naming Dios ay matuwid sa lahat ng kaniyang mga gawa na kaniyang ginagawa, at hindi namin dininig ang kaniyang tinig.15At ngayon, Oh Panginoon naming Dios, na naglabas ng iyong bayan mula sa lupain ng Egipto sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay, at ikaw ay nabantog gaya sa araw na ito; kami ay nangagkasala, kami ay nagsigawa na may kasamaan. 16Oh Panginoon, ayon sa iyong buong katuwiran, isinasamo ko sa iyo, na ang iyong galit at kapusukan ay mahiwalay sa iyong bayang Jerusalem, na iyong banal na bundok; sapagka't dahil sa aming mga kasalanan, at dahil sa mga kasamaan ng aming mga magulang, ang Jerusalem at ang iyong bayan ay naging kakutyaan sa lahat na nangasa palibot namin. 17Kaya nga, Oh aming Dios, iyong dinggin ang panalangin ng iyong lingkod, at ang kaniyang mga samo, at paliwanagin mo ang iyong mukha sa iyong santuario na sira, alangalang sa Panginoon. 18Oh Dios ko, ikiling mo ang iyong tainga, at iyong dinggin; idilat mo ang iyong mga mata, at masdan mo ang aming mga kasiraan, at ang bayan na tinatawag sa iyong pangalan: sapagka't hindi namin inihaharap ang aming mga samo sa harap mo dahil sa aming mga katuwiran, kundi dahil sa iyong dakilang mga kaawaan. 19Oh Panginoon, dinggin mo; Oh Panginoon, patawarin mo; Oh Panginoon, iyong pakinggan at gawin; huwag mong ipagpaliban, alangalang sa iyong sarili, Oh Dios ko, sapagka't ang iyong bayan at ang iyong mga tao ay tinatawag sa iyong pangalan." (Daniel 9:1-19)

Ang pananalangin at pagaayuno ay dapat nakabatay sa kaunawaan sa Banal na Kasulatan at sa ipinapahayag ng Salita ng Diyos. Dito sa itaas na kalagayan, natagpuan natin na si Daniel ay nagsimulang manalangin at mag-ayuno, namamagitan at nagsusumamo sa Diyos upang patawarin, dinggin at panumbalikin ang Kanyang bayan, ang mga Israelita na nagkasala laban sa Kanya. Alam ni Daniel mula sa Banal na Kasulatan na ang kanilang pagpqpatapon sa Babilonia ay magtatagal ng pitumpong taon at kailangan nilang maghirap sa pagdaan ng pitumpong taon ang bunga ng kanilang mga kasalanan. Kahit alam ni Daniel na ang Diyos ay mapagmahal at mapagpatawad na Diyos, alam niya din na ang Diyos ay ang Diyos ng katarungan. Alam niya rin mula sa Salita ng Diyos na ang Panginoon ay magpapatwad kung ang mga tao'y magsisi sa kanilang mga kasalanan. Alam din ni Daniel na kahit ang mga tao'y magsisi ay kailangan nilang batahin ang bunga ng lahat ng kanilang mga kasalanan. Gaya ng pagwasak ng mga tao sa kautusan ng Sabbath ng lupain at hindi binigyang kapahingan sa bawat taon para sa bawat pitong taon, sa gayon binilang ng Panginoon kung ilang Sabbath na taon ang kanilang ipinagbawal sa lupain mula sa pagpapahinga at ito'y katumbas sa pitumpong taon. Kaya't kinuha ng Panginoon ang Kanyang bayan malayo mula sa Lupain para sa pitumpong taon upang ito'y makapagpahinga. Kaya ang mga Israelita ay inilagay sa pagkabihag sa pitumpong tao upang ang lupa ay makapagpahinga.

Kaya matatagpuan natin dito na si Daniel ang kanyang panalangin at pagaayuno ay naaayon sa Salita ng Diyos. Hindi niya hiningi sa Diyos na alisin ang kinahinatnan at dalhin ang Kanyang bayan pabalik sa Jerusalem at panumbalikin sila bago nila tapusin ang pagbabayad ng pitumpong taon, ang bunga ng kanilang mga kasalanan. Ang pananalangin at pagaayuno ni Daniel ay kalugod lugod sa Panginoon at ang layunin niyon ay upang kilalanin na ang Diyos ay matuwid at ginagawa ang matuwid at tama. Ang kanyang panalangin at pagaayuno ay nagsusumamo sa Diyos upang tuparin ang kanyang ipinangako sa Kanyang Salita upang ibalik ang Kanyang bayan at ang lungsod ng Jerusalem at ang templo ng Diyos gaya na sila'y nagsisi at ipinakumbaba ang kanilang sarili at maayos na dinisiplina, at binayaran ang kanilang ginawa ng ganap.

Sa parehong paraan ang ating panalangin at pagaayuno ay dapat nakaayon sa Banal na Kasulatan at sa doktrina ng Diyos.

Habang tayo'y nagsisi, maayos na nadisiplina at binayaran ang bunga ng ginawa nating mali sa gayon maari tayong manalangin sa panalanging ito ni Daneil: "17Kaya nga, Oh aming Dios, iyong dinggin ang panalangin ng iyong lingkod, at ang kaniyang mga samo, at paliwanagin mo ang iyong mukha sa iyong santuario na sira, alangalang sa Panginoon. 18Oh Dios ko, ikiling mo ang iyong tainga, at iyong dinggin; idilat mo ang iyong mga mata, at masdan mo ang aming mga kasiraan, at ang bayan na tinatawag sa iyong pangalan:

sapagka't hindi namin inihaharap ang aming mga samo sa harap mo dahil sa aming mga katuwiran, kundi dahil sa iyong dakilang mga kaawaan. 19Oh Panginoon, dinggin mo; Oh Panginoon, patawarin mo; Oh Panginoon, iyong pakinggan at gawin; huwag mong ipagpaliban, alangalang sa iyong sarili, Oh Dios ko, sapagka't ang iyong bayan at ang iyong mga tao ay tinatawag sa iyong pangalan." (Daniel 9:17-19) At sigurado ang Panginoon ay gagawin sa atin sa kung anong Kanyang ipinangako sa Kanyang Salita at tuparin sa atin ang kaligtasan, pagbibigay katarungan, pagpapalaya, panunumbalik, at muling pagpapasimula para sa atin at sa para sa Kanyang simbahan.

Si Daniel habang Siya'y nanalangin at nagayuno ayon sa Salita ng Diyos ang Panginoon ay nagbigay sa kanya ng kapahayagan tungkol sa kung anong mangyayari sa hinaharap at gagawin ng Diyos para sa Kanyang bayan gaya ng ating mababasa dito: "20 At samantalang ako'y nagsasalita, at nananalangin, at nagpapahayag ng aking kasalanan at ng kasalanan ng aking bayang Israel, at naghaharap ng aking samo sa harap ng Panginoon kong Dios dahil sa banal na bundok ng aking Dios; 21Oo, samantalang ako'y nagsasalita sa panalangin, ang lalaking si Gabriel, na aking nakita sa pangitain nang una, na pinalipad ng maliksi, hinipo ako sa panahon ng pagaalay sa hapon. 22At kaniya akong tinuruan, at nakipagsalitaan sa akin, at nagsabi, Oh Daniel, ako'y lumabas ngayon upang bigyan ka ng karunungan at kaunawaan. 23Sa pasimula ng iyong mga samo ay lumabas ang utos, at ako'y naparito upang saysayin sa iyo; sapagka't ikaw ay totoong minahal: kaya't gunitain mo ang bagay, at unawain mo ang pangitain.24Pitong pung sanglinggo ang ipinasiya sa iyong mga tao at sa iyong banal na bayan, upang tapusin ang pagsalangsang, at upang wakasan ang pagkakasala, at upang linisin sa kasamaan, at upang dalhan ng walang hanggang katuwiran, at upang tatakan ang pangitain at ang panghuhula, at upang pahiran ang kabanalbanalan. 25 Iyo ngang talastasin at bulayin, na mula sa paglabas ng utos na isauli at itayo ang Jerusalem sa pinahiran na prinsipe, magiging pitong sanglinggo, at anim na pu't dalawang sanglinggo: ito'y matatayo uli, na may lansangan at kuta, sa makatuwid baga'y sa mga panahong mabagabag. 26 At pagkatapos ng anim na pu't dalawang sanglinggo, mahihiwalay ang pinahiran, at mawawalaan ng anoman: at gigibain ang bayan at ang santuario ng mga tao ng prinsipeng darating; at ang wakas niyaon ay sa pamamagitan ng baha, at hanggang sa wakas ay magkakaroon ng digma; mga pagkasira ay ipinasiya na. 27 At pagtitibayin niya ang tipan sa marami sa isang sanglinggo: at sa kalahati ng sanglinggo ay kaniyang ipatitigil ang hain at ang alay; at sa pakpak ng mga kasuklamsuklam ay paroroon ang isang maninira; at hanggang sa wakas, at pagkapasiya ay mabubuhos ang poot sa maninira." (Daneil 9:20-27) Ang pahayag na ito at propesiya ay nagsasabi tungkol sa pagdating ng Messiah, ang ating Panginoong JesuCristo, at ang Kanyang paghihirap at kamatayan. Nagsasalita din ito tungkol sa katapusan ng panahon at sa pangalawang pagdating ni Crsito. Kaya't ang pananalangin at pagaayuno kapag tayo'y nakaayon sa Banal na Kasulatan ay makakatanggap tayo ng kapahayagan at propesiya tungkol sa hinaharap at sa gagawin ng Diyos sa atin at sa Kanyang bayan na nagagalak sa Kanya sa pagsunod sa lahat ng Kanyang mga paraan.

Sa gayon , isagawa kung anong iyong binasa sa iyong buhay ngayon. Pagmasdan kung anong nangyayari sa palibot mo. Huwag kang mahalina sa iyong damdamin at nararamdaman. Kundi manalangin at magayuno, sa pangunguna ng Banal na Espiritu at tagubilinan ng Banal na Kasulatan na nagpapahayag sayo ng kaisipan at ang kalooban ng Diyos.

Tayo ay magbasa pa tungkol sa pagaayuno ni Daniel: "1Nang ikatlong taon ni Ciro na hari sa Persia ay nahayag ang isang bagay kay Daniel, na ang pangala'y Beltsasar; at ang bagay ay tunay, sa makatuwid baga'y isang malaking pakikipagbaka; at kaniyang naunawa ang bagay at nagkaroon ng unawa tungkol sa pangitain.2Nang mga araw na yao'y akong si Daniel ay nanangis na tatlong buong sanglinggo. 3Hindi ako kumain ng masarap na tinapay, ni pumasok man ang karne ni alak man sa aking bibig, ni naglangis man ako, hanggang sa natapos ang tatlong buong sanglinggo. 4At nang ikadalawang pu't apat na araw ng unang buwan, palibhasa'y ako'y nasa tabi ng malaking ilog, na siyang Hiddekel. 5Aking itiningin ang aking mga mata, at tumanaw, at narito, ang isang lalake na nakapanamit ng kayong lino, na ang mga balakang ay binigkisan ng taganas na ginto sa Uphas: 6Ang kaniyang katawan naman ay gaya ng berilo, at ang kaniyang mukha ay gaya ng anyo ng kidlat, at ang kaniyang mga mata ay gaya ng mga liwanag ng apoy, at ang kaniyang mga kamay at kaniyang mga paa, ay gaya ng kulay ng pinakintab na tanso, at ang tinig ng kaniyang mga salita ay gaya ng tinig ng isang karamihan. 7At akong si Daniel ang nakakitang magisa ng pangitaing yaon; sapagka't ang mga lalake na kasama ko ay hindi nangakakita ng pangitain; kundi sumakanila ang isang di kawasang panginginig, at sila'y nagsitakas upang magsikubli. 8Sa gayo'y iniwan akong magisa, at nakakita nitong dakilang pangitain, at nawalan ako ng lakas; sapagka't ang aking kagandahan ay umuwi sa kasiraan at walang nanatiling lakas sa akin. 9Gayon ma'y narinig ko ang tinig ng kaniyang mga salita; at nang aking marinig ang tinig ng kaniyang mga salita, ako nga'y nagupiling sa isang mahimbing na pagkakatulog, na ang aking mukha ay pasubsob.10At, narito, isang kamay ay humipo sa akin, na nagtayo sa akin sa aking mga tuhod at sa mga palad ng aking mga kamay. 11At sinabi niya sa akin, Oh Daniel, ikaw na lalaking minamahal na mainam, unawain mo ang mga salita na aking sinasalita sa iyo, at tumayo kang matuwid; sapagka't sa iyo'y sinugo ako ngayon. At ng kaniyang masalita ang salitang ito sa akin, ako'y tumayo na nanginginig. 12Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Huwag kang matakot, Daniel; sapagka't mula nang unang araw na iyong ilagak ang iyong puso na makaunawa, at magpakababa sa harap ng iyong Dios, ang iyong mga salita ay dininig: at ako'y naparito alangalang sa iyong mga salita. 13Nguni't ang prinsipe ng kaharian ng Persia ay nakipagpunyagi sa akin na dalawang pu't isang araw; nguni't, narito, si Miguel ay isa sa mga punong prinsipe, dumating upang tulungan ako: at ako'y natira doon na kasama ng mga hari sa Persia. 14 Ngayo'y naparito ako upang ipatalastas sa iyo kung ano ang mangyayari sa iyong bayan sa mga huling araw; sapagka't ang pangitain ay ukol sa maraming mga araw pa.15At nang kaniyang masalita sa akin ang ayon sa mga salitang ito, ay aking itinungo ang aking mukha sa lupa, at ako'y napipi. 16At, narito, isang gaya ng kahawig ng mga anak ng mga tao ay humipo ng aking mga labi: nang magkagayo'y ibinuka ko ang aking bibig, at ako'y nagsalita, at nagsabi sa kaniya na tumayo sa harap ko, Oh panginoon ko, dahil sa pangitain ay nagbalik sa akin ang aking mga kapanglawan, at hindi nananatili sa akin ang lakas. 17 Sapagka't paanong makikipagusap ang lingkod nitong aking panginoon sa panginoon kong ito? sapagka't tungkol sa akin, ay biglang nawalan ako ng lakas, ni may naiwan mang hininga sa akin.18Nang magkagayo'y hinipo uli ako roon ng isa na kamukha ng tao, at kaniyang pinalakas ako. 19At kaniyang sinabi, Oh taong minamahal na mainam, huwag kang matakot: kapayapaan ang sumaiyo, magpakalakas ka, oo, magpakalakas ka. At nang siya'y magsalita sa akin, ako'y lumakas, at nagsabi, Magsalita ang aking panginoon; sapagka't iyong pinalakas ako. 20Nang magkagayo'y sinabi niya, Talastas mo baga kung bakit ako'y naparito sa iyo? at ngayo'y babalik ako upang makipaglaban sa prinsipe sa Persia: at pagka ako'y lumabas, narito, ang prinsipe sa Grecia ay darating. 21

Nguni't aking sasaysayin sa iyo ang nakasulat sa kasulatan ng katotohanan: at walang sinomang tutulong sa akin laban sa mga ito, kundi si Miguel na inyong prinsipe." (Daneil 10:1-21)

Ang pagaayuno ni Daniel para sa tiyak na kailangan ng espirituwal sa kaugnayan sa Diyos pagpapanumbalik sa Kanyang bayan na nagkasala laban sa Kanya, na tumanggap at tiniis ang kinahinatnan ng kanilang mga kasalanan at ang panahon ang darating sa kanila upang manumbalik. Si Daniel habang siya'y nagaayuno, sa wakas ipinahayag sa kanya ng Diyos ang Kanyang kalooban at kung anong mangyayari sa hinaharap. Mula sa itaas na kasulatan at sa binasa natin sa Daneil kabanta 10 mapapagtanto natin ang sumusunod na mga pribelihiyo na maari nating makuha mula sa pagaayuno.

1. Ang pagaayuno ay nagdadala ng kaunawaan, kababaang loob, at kasagutan sa mga panalangin: "12 Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Huwag kang matakot, Daniel; sapagka't mula nang unang araw na iyong ilagak ang iyong puso na makaunawa, at magpakababa sa harap ng iyong Dios, ang iyong mga salita ay dininig: at ako'y naparito alangalang sa iyong mga salita." (Daniel 10:12) Ang pagaayuno na ginawa ni Daniel ay nagtagal ng tatlong linggo, "2 Nang mga araw na yao'y akong si Daniel ay nanangis na tatlong buong sanglinggo. 3 Hindi ako kumain ng masarap na tinapay, ni pumasok man ang karne ni alak man sa aking bibig, ni naglangis man ako, hanggang sa natapos ang tatlong buong sanglinggo." (Daniel 10:2-3) sa mabuting paguugali patungo sa Diyos, dinisiplina ang kanyang sarili, binigyan siya ng kaunawaan, tinanggap ang kababaang loob at sinagot ng Diyos ang kanyang mga panalangin. Ang katulad sayo, ang iyong pagaayuno ng may mabuting paguugali, dinidisiplina ang iyong sarili at paglayo mula sa kamunduhan at mula sa huwaran ng sanglibutang ito, ay magdadala ng maraming mga pagpapala sa iyong buhay at bibigyan ka ng mabuting katangian.

2. Ang pagaayuno ay wawasak sa paglaban ng kaaway: Nang si Daniel ay nag ayuno sinagot ng Diyos ang kanyang panalangin mula sa unang araw. Ngunit ang kaaway ay sumasalungat, kaya naman ang kasagutan para panalangin ni Daniel ay hindi umabot sa kanya hanggang 21 araw na ang lumipas. Ito ang tao na nagpakita sa pangitain na nagsalita kay Daniel tungkol sa pagsalungat ni Satanas, "13 Nguni't ang prinsipe ng kaharian ng Persia ay nakipagpunyagi sa akin na dalawang pu't isang araw; nguni't, narito, si Miguel ay isa sa mga punong prinsipe, dumating upang tulungan ako: at ako'y natira doon na kasama ng mga hari sa Persia." (Daniel 10:13) Sa ilang tiyak na panahon kailangan nating magpatuloy na manalangin at para magayuno upang ang paghadlang ni Satanas ay mawasak, matunaw, at umalis. Sinabi ni Pablo sa simbahan ng Diyos sa Tesalonica, "18Sapagka't nangagnasa kaming pumariyan sa inyo, akong si Pablo, na minsan at muli; at hinadlangan kami ni Satanas. " (1 Tesalonica 2:18) Si Satanas ay laging humahadlang sa kalooban ng Diyos at subukang pahintuin tayo. Kaya't kailangan nating malaman iyon sapagka't kaya nating wasakin ang masasamang kapangyarihang iyon na sumasalungat sa atin sa pamamagitan ng ating pagtitiyaga sa pananalangin at pagaayuno

3. Sa pagaayuno natatangap natin ang paghihikayat: Sa Daniel kabanata 10 bersekulo 11 hanggang 19 ang tao na nagpakita kay Daniel sa pangitain ay sinabi sa kanya, "11At sinabi niya sa akin, Oh Daniel, ikaw na lalaking minamahal na mainam, "19At kaniyang sinabi, Oh taong minamahal na mainam," Hinikayat niya si Daniel sa pagtawag sa kanya na minamahal. Sa parehong paraan habang ikaw ay nagtitiyaga sa pananalangin at pagaayuno, at sa pagsasabuhay ng iyong buhay para sa Diyos at sa paggawa ng Kanyang kalooban, matatanggap mo ang kaginhawaan at mga salita ng magpapalakas ng loob mula sa Panginoon, mula sa Banal na Espiritu o sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan na iyong binabasa araw araw, na tutulong sayo na magpatuloy at maglingkod sa Panginoon.

4. Sa pagaayuno ang ating takot ay nawawala: Sa Daniel kabanata 10 bersekulo 12 at 19 ang taong nagpakita kay Daniel sa pangitain ay sinabi sa kanya, "Huwag matakot" Ang takot ay sanhi na nakakapinsala sa iyong paglakad at paglilingkod sa Diyos, ngunit habang ikaw ay nanalangin at nagaayuno wawasakin ng Diyos ang lahat ng mga uri ng takot na nasa iyong buhay, sinabi ni Jesus, "19 Narito, binigyan ko kayo ng kapamahalaan na inyong yurakan ang mga ahas at ang mga alakdan, at sa ibabaw ng lahat ng kapangyarihan ng kaaway: at sa anomang paraa'y hindi kayo maaano." (Lucas 10:19)

5. Sa pagaayuno matatangap natin ang kapayapaan at kalakasan: Sinabi ni Daniel sa tao na nagpakita sa kanya sa pangitain,. "Oh panginoon ko, dahil sa pangitain ay nagbalik sa akin ang aking mga kapanglawan, at hindi nananatili sa akin ang lakas. 17 Sapagka't paanong makikipagusap ang lingkod nitong aking panginoon sa panginoon kong ito? sapagka't tungkol sa akin, ay biglang nawalan ako ng lakas, ni may naiwan mang hininga sa akin." (Daniel 10:16-17) Si Daniel ay sobrang balisa , pagod at mahina dahil sa pakikibaka sa espirituwal na hinaharap niya. Ngunit habang Siya'y nagaayuno tinanggap niya ang kalakasan, kapayapaan at katiyakan mula sa Panginoon, gaya ng ating babasahin sa sumusunod: "19 At kaniyang sinabi, Oh taong minamahal na mainam, huwag kang matakot: kapayapaan ang sumaiyo, magpakalakas ka, oo, magpakalakas ka. At nang siya'y magsalita sa akin, ako'y lumakas, at nagsabi, Magsalita ang aking panginoon; sapagka't iyong pinalakas ako." (Daniel 10:19) Si Daniel ay nagkalakas at nakakuha ng katiyakan habang siya'y nagaayuno. Sa pagaayuno walang pagkain na kakainin at iyon ay magdudulot sa ating katawan na maging mahina. Ngunit gaya ng ating napapansin dito, nang si Daniel ay nagaayuno ang kanyang pagaayuno ay nagtapos sa kanya na magkaroon ng kapayapaan at kalakasan mula sa Panginoon. Sa parehong paraan, sa panahon ng iyong pananalangin at pagaayuno, ang Panginoon ay ibibigay sayo ang parehong kapayapaan at kalakasan sa iyong katawan na magtutustos sayo na pumunta at tuparin ang gawain na ipinagkatiwlaa sayo.

6. Sa pagaayuno matatangap natin ang pangitain, kapahayagan at ang kanilang mga paliwanag mula sa Panginoon. Si Daniel ay nakatanggap ng paliwanag mula sa kinahantungan ng mga pangyayari na naganap at kung anong mangyayari sa bayan ng Diyos, "Ngayo'y naparito ako upang ipatalastas sa iyo kung ano ang mangyayari sa iyong bayan sa mga huling araw; sapagka't ang pangitain ay ukol sa maraming mga araw pa." (Daniel 10:14) Matatanggap mo ang pareho habang ikaw ay nanalangin at nagaayuno at habang itinalaga mo ang iyong sarili na lumapit sa Diyos at isabuhay ang iyong buhay sa Kanya.

7. Sa pagaayuno matatanggap natin ang katiyakan mula sa Panginoon: Ang tao na nagpakita kay Daniel sa pangitain ay sinabi sa kanya, "Nang magkagayo'y sinabi niya, Talastas mo baga kung bakit ako'y naparito sa iyo? at ngayo'y babalik ako upang makipaglaban sa

prinsipe sa Persia:......" (Daniel 10:20) Tiniyak ng Diyos kay Daniel na siya ang makikipaglaban para sa kanya at maayos na isasaayos ang kalagayn para sa kanyang ngalan. Sa parehong paraan gagawin ng Diyos ang pareho sayo habang ikaw ay nagtitiwala sa Kanya, nanalangin at nagaayuno sa Kanya, Siya ay pupunta at makikipaglaban para sayo at para sa kanyang simbahan.

Sa aking mahal at minamahal: Habang ikaw ay dumadaan sa pamamagitan ng maraming mga pakikibaka na kahit hinihipo ang iyong espirituwal na buhay at ang iyong paglilingkod sa Diyos, sa gayo'y lumapit sa Kanya sa pananalangin at pagaayuno at ibigay sa Kanya ang iyong kabigatan at tanggapin mula sa Kanya ang katiyakan, kapayapaan, kalakasan, karunungan, kaunawaan, kapahayagan at kaligtasan.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos Ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay para sa aking mga kasalanan sa krus at nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Ngayo ipagtapat at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Panginoon aking ipinagtatapat at tnatalikuran ang sumusunod na mga kasalanan

Ngayon samakatuwid, O aming Diyos ang panalangin ng iyong lingkod, at kanyang mga samo, idulot ang iyong mukha upang magningning sa iyong simbahan na nawasak, alang alang sa iyong pangalan.Oh Panginoon, dinggin mo; Oh Dios ko, ikiling mo ang iyong tainga, at iyong dinggin; idilat mo ang iyong mga mata, at masdan mo ang aming mga kasiraan, at ang bayan na tinatawag sa iyong pangalan: sapagka't hindi namin inihaharap ang aming mga samo sa harap mo dahil sa aming mga katuwiran, kundi dahil sa iyong dakilang mga kaawaan. Oh Panginoon, iyong pakinggan at gawin; huwag mong ipagpaliban, alangalang sa iyong sarili, Oh Dios ko, sapagka't ang iyong bayan at ang iyong mga tao ay tinatawag sa iyong pangalan.

Ilagay sa kamay ng Diyos ang pakikibaka na iyong hinaharap ngayon. Panginoon aking inilalagay sa iyong makapangyarihang kamay ang sumusunod na pakikibaka nagtitiwala sayo. Panginoon na ikaw ang haharap sa ganyang sitwasyon ng maayos at tatanggapin ko ang katagumpayan mula sayo.

Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na nagsisi, ipinagtapat ang kanilang mga kasalanan at bumalik sayo upang paglingkuran ka at isabuhay ang kanilang buhay para sayo, Panginoon tulungan mo sila sa kanilang buhay, protektahan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon paginhawain sila, ibigay sa kanila ang kaunawaan, palakasin sila , tiyakin sa kanila, alisin ang kanilang takot at ibigay sa kanila ang kapayapaan. Panginoon, tulungan mo silang ipahayag pa ang bunga ng Banal na Espiritu upang makita ng mga tao ang katangian ni Jesus sa kanilang buhay. Panginoon pusposin mo kami ng iyong Banal na Espiritu upang kami'y makapunta at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo.

Pangimoom ako'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan na maging tagagawa ng iyong Salita at upang tuparin ang mga gawain na iyong itinawag sa amin para gawin para sayo. Panginoon aliwin mo kami, ibigay sa amin ang kaunawaan, at karunungan, palakasin kami, tiyakin sa amin, alisin aming mga takot at ibigay sa amin ang kapayapaan. Panginon, puspusin kaming muli ng iyong Banal na Espiritu at bigyan mo kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay. Panginoon paging dapatin kaming makapagebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita at ng mensahe ni JesuCristo. Panginoon pusposin kami ng iyong pagibig, habag, katarungan at katuwiran at paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com